

## Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal

Pinagsamang Ebidensya ng Pagsaklaw and Form ng Pagtatatwa

### ERRATA

Abril 1, 2022

---

### Seksyon 4 - Mga Benepisyo at Serbisyo

#### Medi-Cal mga benepisyong sinasaklaw ng San Francisco Health Plan

##### Mga pang-outpatient na Serbisyo (ambulatory)

*Pinalitan ang Provisional Postpartum Care Extension Program ng bagong Postpartum Care Extension Program.*

##### Ang Postpartum Care Extension Program

Nagbibigay ang Postpartum Care Extension Program ng pagsaklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa panahon ng pagbubuntis at pagkatapos manganak.

Pinalalawak ng Postpartum Care Extension Program ang pagsaklaw ng SFHP nang hanggang 12 buwan pagkaraang matapos ang pagbubuntis anuman ang kinikita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon at walang karagdagang aksyon ang kinakailangan.

##### Rapid Whole Genome Sequencing

Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS), kabilang ang individual sequencing, trio sequencing para sa isang pasyente o mga magulang at kanilang sanggol, at ang ultra-rapid sequencing, sinasaklaw na benepisyong para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang pababa at tumatanggap ng mga serbisyong pang-inpatient ng ospital sa isang intensive care unit. rWGS isang bagong pamamaraan ng pag-diagnos ng mga kondisyon na napapanahon para sa ICU na pangangalaga sa mga bata na edad isang taon pababa. Kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa California Children's Services (CCS), maaaring ang CCS ang may pananagutan sa pagsaklaw ng pananatili sa ospital at rWGS.